International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

# Blaan Farming Rituals, Reconciliation, and Punitive Practices in Pangyan as Basis for Play Development

**Janevic P. Yama**
Pangyan National High School
janevic.yama@deped.gov.ph

**Divina T. Feliciano, PhD**
Sultan Kudarat State University
divinafeliciano77@gmail.com

**Abstract**

This study aims to explore and analyze the rituals of the Blaan people in Pangyan, Sarangani Province, using a descriptive-qualitative approach. The collected data was examined to gain insights into the significance of these rituals within their culture, beliefs, and daily life. Three key rituals were explored: the *Damso* related to farming, the *Sadyandi* for reconciliation, and the *Sulif* used in punishment. Each ritual has a distinct process and symbolism, reflecting the Blaan's deep connection to spirituality and nature. To further enhance the understanding and appreciation of these practices, a play was created based on the findings and subjected to expert validation. The results showed that the play was highly effective and well-received, proving its potential as a powerful medium for introducing, preserving, and promoting Blaan cultural heritage. However, the study also highlighted a concerning trend: these traditional rituals are gradually fading away due to modernization and changes in the justice system. In light of this, the study recommends strengthening efforts to protect and document these rituals, ensuring that the cultural wealth of the Blaan people is preserved for future generations. This research emphasizes the importance of maintaining cultural traditions while adapting to modern influences, ensuring that the Blaan people's heritage continues to thrive.

**Keywords:** Blaan Rituals, Cultural Preservation, Damso (Farming Ritual), Play, Sadyandi (Peace-making Ritual), Sulif (Punitive Ritual)

## Panimula

Ang mga tradisyonal na ritwal ay patuloy na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa kultura ng isang lahi. Hindi lamang ito simpleng pagsasagawa ng mga panrelihiyong gawain kundi isang mahalagang bahagi ng sining at panitikan. Sa larangan ng teatro, ang mga ritwal ay nagsisilbing inspirasyon sa paglikha ng mga dulang may lalim at simbolismo, nagiging daan upang mailahad ang mga kuwentong may kaugnayan sa sinaunang paniniwala, kagawian, at ugnayan ng tao sa kanyang kapaligiran.

Sa pandaigdigang pananaw, ang paggamit ng ritwal sa sining at teatro ay isang mahalagang aspekto ng kulturang pangkomunidad. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang ritwal ay nagsisilbing tagapag-ugnay ng nakaraan at kasalukuyan, nagdadala ng diwa ng isang sibilisasyon sa modernong panahon (Smith, 2019). Gayunpaman, sa mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at globalisasyon,

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

marami sa mga sinaunang ritwal ang unti-unting nawawala o hindi na natatandaan ng susunod na henerasyon (Jones & Patel, 2020). Ayon kay Anderson (2021), ang kakulangan ng pagsasalin ng kaalaman ukol sa mga ritwal ay nagreresulta sa pagkawala ng mahahalagang bahagi ng kasaysayan, lalo na sa mga komunidad na may mayamang tradisyong oral.

Sa Pilipinas, ang mga ritwal ay nananatiling mahalagang bahagi ng ating pambansang identidad. Ang mga ito ay makikita sa iba't ibang anyo ng sining, tulad ng panitikan, sayaw, at dula. Ayon kay De la Cruz (2020), ang pagsasama ng mga ritwal sa dula ay hindi lamang nagpapanatili ng kultura kundi nagbibigay rin ng boses sa mga komunidad na matagal nang hindi napapansin sa larangan ng sining. Sa kabila ng kahalagahan nito, maraming ritwal ang hindi na naisasagawa o napapalitan ng makabagong anyo ng pagdiriwang (Santos & Rivera, 2021). Isa pang hamon ay ang kakulangan ng sapat na dokumentasyon tungkol sa mga tradisyong ito, na nagdudulot ng limitadong kaalaman sa mga kabataan at mga mananaliksik (Mendoza, 2022).

Sa Pangyan, Sarangani Province, ayon *chieftain* ng mga tribung Blaan, ang ang mga lokal na ritwal ay patuloy na isinasagawa bilang bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan. Ang mga ito ay nagpapakita ng kanilang malalim na ugnayan sa kalikasan at kanilang paniniwala sa mga espiritu at ninuno. Ayon kay Santos (2021), ang mga ritwal ay mayamang pinagkukunan ng alamat at mitolohiya na maaaring gamitin sa malikhaing pagsulat at pagtatanghal ng dula. Gayunpaman, dahil sa impluwensiya ng modernisasyon, unti-unting nagbabago o nawawala ang ilang tradisyunal na ritwal lalo na sa mga kabataang hindi na pamilyar sa mga ito (Flores, 2019). Bukod dito, ang kakulangan ng sapat na pag-aaral sa lokal na ritwal ay nagdudulot ng limitadong pag-unawa sa kanilang kahalagahan bilang bahagi ng sining at kultura (Torres, 2018).

Bagaman may mga pag-aaral na nagsusuri sa koneksiyon ng ritwal at teatro, kakaunti ang naglalayong pagsamahin ang mga lokal na ritwal sa malikhaing pagsulat ng dulang may isang yugto (Liberman, Kinzler, & Woodward, 2018). Kadalasan, ang mga pananaliksik ay nakatuon sa teorya ng ritwal at hindi nagbibigay ng sapat na gabay sa praktikal na pagsasalin nito sa dula (Harrison, 2020). May limitasyon din sa mga empirikal na pag-aaral na sumusuri sa epekto ng mga ritwal sa karanasan ng manonood at pag-unlad ng mga karakter kung saan nakatuon lamang ang mga ito sa simbolismo ng ritwal (Mitchell & Roberts, 2020). Dagdag pa rito, ang kasalukuyang pananaliksik ay hindi pa rin sapat sa pagtuklas ng inobatibong estruktura ng dula batay sa ritwal kaya limitado ang paggamit nito sa tradisyonal na pag-aangkop (Society for Ritual Arts, 2020).

Sa harap ng mabilis na pagbabago sa kultura at panitikan, mahalagang maisagawa ang pananaliksik na ito upang matukoy at maitala ang mga umiiral na ritwal sa Pangyan, Sarangani Province. Ang mga ritwal na ito ay maaaring maging batayan sa pagbuo ng dulang may isang yugto na hindi lamang magpapalawak sa lokal na sining kundi magbibigay rin ng materyal sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, mabibigyang-pansin ang kahalagahan ng pagpapanatili ng tradisyunal na ritwal bilang mahalagang bahagi ng ating pambansang identidad.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ay upang bumuo ng dula batay sa umiiral na ritwal sa pagsasaka, pakikipagkasundo, at pagpaparusa sa Pangyan, Sarangani Province.

Ang sumusunod ay ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral:

1. Ano ang mga ritwal ng pagsasaka ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province?
2. Ano ang mga ritwal ng pakikipagkasundo ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province?
3. Ano ang mga ritwal sa pagpaparusa ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province?
4. Ano ang kalidad ng dula mula sa mga umiiral na ritwal ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province batay sa:
   4.1. Nilalaman;
   4.2. Disenyo at Organisasyon;
   4.3. Kalidad ng Teksto at Anyo;
   4.4. Pagtatasa;
   4.5. Kakayahang Mabasa; at
   4.6. Sanggunian at Pinagmulang ng Sipi?
5. Ano ang antas ng pagtanggap ng nabuong dula mula sa mga umiiral na ritwal ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province batay sa:
   5.1. Nilalaman;
   5.2. Kalinawan;
   5.3. Panghikayat sa target na gagamit;
   5.4. Orihinalidad; at
   5.5. Pagsasanay?

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa *Post-Colonialism Theory* na nagbibigay ng pansin sa kung paano ang mga lokal na ritwal ay maaaring magamit upang maipahayag ang mga karanasan at identidad ng mga komunidad na napasailalim sa kolonyalismo (Ashcroft, Griffiths, & Tiffin, 2018). Ang pagsasama ng mga ritwal sa mga dula ay maaaring magsilbing isang anyo ng pag-angkin sa kanilang kultura at kasaysayan laban sa kolonyal na pamana (Perez, 2020). Sa pamamagitan ng mga ritwal, ang mga manunulat ng dula ay maaaring makapagsisigaw sa mga kuwentong lokal na nagtatampok sa mga tradisyon at karanasang madalas na nawawalan ng halaga sa ilalim ng makabagong pananaw.

Kasama ng teoryang ito, ang *Cultural Studies* na isa pang teoryang makabuluhan sa pananaliksik na ito at nilalayong suriin ang ugnayan ng kultura, kapangyarihan, at politika (Hall, 1997). Dagdag pa niya, ang mga ritwal ay nagsisilbing mga simbolo na naglalarawan ng mga karanasan ng isang grupo na tumutulong sa pagbuo ng kanilang identidad. Sa konteksto ng *pananaliksik na ito*, ang mga ritwal ay hindi lamang nagiging bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayan kundi nagsisilbi ring daluyan ng kanilang kolektibong alaala, paniniwala, at pagpapahalaga. Ang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

paggamit ng mga ritwal bilang batayan sa malikhaing pagsulat ng dula ay maaaring magsilbing paraan upang mapanatili at maipasa sa susunod na henerasyon ang mayamang kultura ng komunidad.

Bukod dito, ang *Performance Theory* ay iniugnay rin na naglalayong suriin ang mga elemento ng pagtatanghal sa mga ritwal at ang kanilang impluwensya sa pag-unawa sa mga manonood (Schechner, 2003). Sa ganitong paraan, ang pagsasama ng mga lokal na ritwal sa mga dula ay nag-aambag hindi lamang sa pagpapayaman ng sining ng teatro kundi pati na rin sa pagbuo ng isang mas malalim na koneksiyon sa mga komunidad at kanilang kultura. Sa konteksto ng pananaliksik, ang mga ritwal na ito ay hindi lamang nagpapahayag ng paniniwala at kaugalian ng mga mamamayan kundi nagsisilbi ring inspirasyon sa malikhaing pagsulat ng dula. Sa pamamagitan ng paglalapat ng mga ritwal sa dula, maaaring mapanatili at maipasa sa susunod na henerasyon ang mayamang tradisyon ng komunidad habang binibigyang-buhay ang kanilang kolektibong identidad sa entablado.

## Metodolohiya ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay gumamit ng *Research and Development* (R&D) na disenyo, partikular ang *one-on-one* na panayam at pagbuo ng dula mula sa mga nakalap na impormasyon. Ayon kay Williams (2021), ang mahusay na R&D na disenyo ay mahalaga upang matiyak ang pagiging epektibo at kontribusyon sa mga industriya at komunidad sa pamamagitan ng pagsusuri at eksperimento. Binanggit din nina Johnson et al. (2020) na ang maingat na disenyo ng R&D ay nakatutok sa tamang pagkuha ng datos at analisis upang magbigay ng validong resulta. Ginamit din ng mananaliksik ang descriptive-qualitative na pamamaraan upang ipakita ang mga resulta mula sa isinagawang panayam sa mga respondente, na ayon kina Patton at Ravitch (2023) ay nagbibigay ng malalim na pagpapaliwanag mula sa perspektiba ng mga kalahok. Ang disenyo ng pag-aaral ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang dulang sumasalamin sa mga temang panritwal na pagsasaka, pakikipagkasundo, at pagpaparusa sa mga Blaan sa Pangyan, Sarangani. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Pangyan, Sarangani, dahil dito matatagpuan ang mga natatanging ritwal na may epekto sa pamumuhay ng komunidad, at mayamang pinagkukunan ng mga lokal na paniniwala na mahalaga sa pagsusuri ng mga temang may kinalaman sa katarungan at pagkakaisa. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga lumad na may edad 50 pataas na eksperto sa ritwal at kasaysayan ng kanilang komunidad, at ang mga tagapagbalido ay binubuo ng mga eksperto sa kalidad at pagtanggap ng dula. Ang *sampling technique* ay ang *snowball method*, isang non-probability sampling na ginagamit sa mga komunidad na mahirap maabot. Ang mga instrumentong ginamit ay mga tanong sa panayam at validation tools na pinasa sa *Content Validity Index* (CVI), kung saan mataas ang mga resulta. Ang proseso ng pangangalap ng datos ay nagsimula sa pagkuha ng permiso mula sa mga lokal na opisyal, pagkatapos ay isinagawa ang mga panayam at pagsusuri ng nabuong dula sa tulong ng mga eksperto at mga tagapamanihala ng komunidad. Ang data ay sinuri gamit ang descriptive mean upang matukoy ang antas ng kalidad at pagtanggap ng iskrip.

## Resulta at Diksuyon

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

**Ritwal sa Pagsasaka ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province**

Ang kultura ng mga Blaan na isa sa mga katutubong pangkat sa Mindanao, ay puno ng makabuluhang ritwal na nagpakikita ng kanilang pananampalataya, paniniwala, at ugnayan sa kalikasan. Isa sa mahahalagang aspekto ng kanilang buhay ay ang pagsasaka na hindi lamang paraan ng kabuhayan kundi isang espiritwal na gawain na pinamumunuan ng kanilang mga nakatatanda.

Makikita sa Talahanayan 1 ang tiyak na ritwal sa pagsasaka ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province.

Talahanayan 1. Ritwal sa Pagsasaka ng mga Blaan sa Pangyan, Saranganin Province

| Ritwal | Tiyak na Ritwal |
|---|---|
| Pagsasaka | Damso |

**Damso**

Ang pagsasaka ay mahalaga bilang bahagi ng kultura ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province. Hindi lamang ito paraan ng kanilang kabuhayan kundi isang espiritwal na proseso na may malalim na ugnayan sa kanilang paniniwala at kaugalian. Isinasagawa nila ang iba't ibang ritwal bago, habang, at pagkatapos ng pagtatanim upang matiyak ang masaganang ani, maiwasan ang malas, at mapanatili ang balanse sa kalikasan. Ang mga ritwal na ito ay nagpakikita ng kanilang matibay na pananalig sa mga espiritu at Diyos na pinaniniwalaang nagbabantay sa kanilang mga pananim at bukirin. Sa kawalan ng modernong kalendaryo, ginagamit nila ang posisyon ng mga bituin at buwan bilang gabay sa tamang panahon ng pagtatanim.

Isa sa pinakamahalagang ritwal sa pagsasaka ng mga Blaan ay ang **Damso**, isang seremonya ng pag-aalay at panalangin bago simulan ang pagtatanim. Ayon sa mga impormante, ang ritwal na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagdadala ng mga alay tulad ng pagkain at manok, na inihahandog sa bagnot (isang uri ng altar) upang hingin ang basbas ng mga espiritu. Ito ang naging pahayag ni Impormante 3: *"Bago me magtanom naa mi ginatawag na sa Blaan nga Damso naa me ihalad sa bagnot."*

Dagdag pa rito, binanggit ni Impormante 4 na bago magpugas ng palay, may inililibing na butil sa lupa bilang proteksiyon laban sa malas: *"Kung humay imuhang ipugas ginatawag ug 'Butne ang butne diha sa tunga2x naa kay ilubong para dili dimalas imuhang pagtanom.'"*

Bukod pa rito, may iba pang kaugalian tulad ng pagbitay ng mga alay sa kahoy at paghahandog sa mga kalikasan bago simulan ang pagsasaka. Ipinahahayag ng mga impormante na ang ritwal ay hindi lamang isang relihiyosong gawain kundi isang tradisyong nagpalalim ng kanilang koneksiyon sa kalikasan.

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Malaki ang naitutulong ng mga ritwal na ito sa proseso ng pagtatanim at pag-aani, ayon kina impormante 1 at 3: *"para nay maayong abot sa imuhang tanom." "mayo ang abot ug daghan ang maani."*

Dagdag pa ni Impormante 6, pinaniniwalaan nilang dinirinig ng mga diwata ang kanilang panalangin: *"Ang natabang ato kay gidungog sa mga diwata ang amoang mga hangyo ug makita man ang resulta."*

Samantala, ayon kay Impormante 4, ang ritwal ay nagsisilbing proteksiyon sa kanilang pananim laban sa mga hayop. *"Abi nimu dako siyag natabang kay baga mao na ilaha huna-huna nga kana nga pamaagi dili hilabtan sa mga mananap ilahang tanom."*

Gayunpaman, binanggit ni Impormante 9 na sa kasalukuyan, unti-unti nang nawawala ang pagsasagawa ng mga ritwal na ito dahil sa modernisasyon: *"Sa unang panahon daku syag natabang kay grabi ang harvest so karun wah nman na gina himo."*

Ipinakikita ng mga sagot ng impormante na ang ritwal sa pagsasaka ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province ay hindi lamang bahagi ng kanilang kultura kundi isang mahalagang kasangkapan upang mapanatili ang ugnayan nila sa kalikasan at sa mga espirituwal na puwersang pinaniniwalaan nilang gumagabay sa kanilang buhay. Sa kabila ng unti-unting paglaho ng mga sinaunang kaugalian, nananatili ang kanilang paniniwala na ang mga ritwal na ito ay may malaking ambag sa kasaganaan at proteksiyon ng kanilang mga pananim.

Ayon sa pag-aaral nina Gonzales at Lim (2021), ang ritwal sa pagsasaka ng mga pangkat-etniko ay mahalagang bahagi ng kanilang paniniwala upang matiyak ang masaganang ani at espirituwal na proteksiyon. Samantala, ipinakita nina Torres at Delgado (2022) na ang paggamit ng ritwal tulad ng *Damso* na naghahanda ng halamang gamot bago ang pagtatanim ay sumasalamin sa malalim na ugnayan ng kultura at agrikultura sa mga katutubong pamayanan. Ang mga kaugaliang ito ay patunay ng pagpapahalaga ng mga katutubo sa balanseng relasyon sa kalikasan at sa kanilang paniniwala sa espiritwal na proteksiyon sa panahon ng pagsasaka.

**Ritwal sa Pakikipagkasundo ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province**

Gaya sa nabanggit, ang mga Blaan ay isa sa mga katutubong pangkat sa Mindanao na may mayamang kultura at tradisyon, kabilang na ang kanilang natatanging paraan ng pagpapairal ng kapayapaan sa pamayanan. Isa sa mahahalagang aspekto ng kanilang panlipunang ugnayan ay ang ritwal sa pakikipagkasundo, isang sinaunang kaugalian na ginagamit upang malutas ang hindi pagkakaunawaan, alitan, sigalot, at pag-iibigan sa pagitan ng mga indibidwal, pamilya, magkasintahan o tribo. Sa barangay Pangyan, Sarangani Province, ang ritwal na ito ay isinasagawa bilang isang sagradong pamamaraan ng pagpapanday ng kapayapaan sa komunidad.

Makikita sa Talahanayan 2 ang ritwal ng mga Balaan sa Pangyan, Sarangani Province sa Pakikipagkasundo.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Talahanayan 2. Ritwal sa Pakikipagkasundo ng mga Blaan sa Pangyan, Saranganin Province

| Ritwal | Tiyak na Ritwal |
|---|---|
| Pakikipagkasundo | Sadyandi |

**Sadyandi**

Ang pakikipagkasundo ay mahalaga rin sa kultura ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province. Bilang isang tribong may malalim na pagpapahalaga sa ugnayang panlipunan, may sinusunod silang mga ritwal upang mapanatili ang kapayapaan sa kanilang komunidad. Kapag may hindi pagkakaunawaan o sigalot, hindi agad sila umaasa sa pormal na sistema ng hustisya ng gobyerno, kundi mas inuuna nilang ayusin ito sa pamamagitan ng kanilang tradisyonal na proseso. Ang mga **datu** o nakatatandang lider ng tribu ang namamagitan upang tiyakin ang makatarungan at patas na kasunduan. Sa pamamagitan ng ritwal, ang mga nagkasala ay sumasailalim sa sagradong proseso ng pakikipag-ayos upang maibalik ang pagkakaisa sa pamayanan.

Isa sa mga pangunahing ritwal ng pakikipagkasundo ng mga Blaan ay ang **Sadyandi,** na isinasagawa upang tuluyang mawakasan ang alitan sa pagitan ng dalawang panig.

Ang pahayag ni Impormante 5: *"Para magka-uli e sadyandi"*

Ito ay nangangahulugang pagbabalik-loob sa isa't isa. Binanggit din ni Impormante 8 na kung hindi kayang resolbahin ang hindi pagkakaunawaan sa simpleng usapan, dito na isinasagawa ang **Sadyandi** bilang huling paraan na pagsunduin ang dalawang pangkat ng tao o grupo: *"Kung di makaya ug estorya ang duha, diha na ang sadyandi."*

Mahalaga ang prosesong ito kung saan parehong hinihiwa ang bisig ng dalawang nag-aaway at ipinapainom sa kanila ang dugo bilang tanda ng lubos na pagkakasundo. Dagdag pa rito, ginagamit ang mga anyo ng bayad-pinsala, gaya ng *Agong* (isang instrumentong pangmusika) at *Kmageh* (gintong kwentas), upang ipakita ang sinseridad ng kasunduan.

Ang pahayag ni impormante 9: *"Conflict no? ang ritwal anah kung nay conflict between sa uban tao. Ang pag settle anah sa maong problema maglingkud ng mga Datu's husayon na sila ang pag-husay ana estoryahon rana kay wah may preso sa netibo magdepende sa kabug-aton sa panag away sa netibo man gud kasagaran sa conflict kay ning mag ilogay ug asawa tabanon.Pag ing anah pamultahon ang bayad anah Agong ug* (Kmageh) *Kwentas na bulawan . Peru ug bug at na gyud mao nanang Sadyande mo"*

Sa pamamagitan ng mga ritwal na ito, naiiwasan ang matagalang hidwaan at natitiyak na hindi na muling uusbong ang sigalot sa pagitan ng mga kasangkot.

Malaki ang naitutulong ng ritwal sa pakikipagkasundo sa pagpapanatili ng kaayusan sa kanilang komunidad. Ayon kay Impormante 3, mabilis na natutukoy ang sanhi ng alitan dahil laging may *nagsusumbong* sa mga nakatatanda: *"Mabal-an man jud na kay naa nay mag-sumbong, makatabang sya kay ug mag Sadyande na, di nman gyud sila mo usab."*

Pinagtibay ito ni Impormante 4, na nagsabing dahil sa ritwal, nagiging epektibo ang pagkakaayos ng hidwaan: *"Daku gyud syag natabang."*

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Dagdag pa ni Impormante 9, ang pinakaimportanteng simbolismo ng ritwal ay ang pagbubura ng anomang alitan sa pagitan ng mga nagkasundo: *"Ang simbolo anah nga magkabalikay lageh mo sa maayong relasyon mao nay simbolo katong nangagi nga mga grudges ninyo ug conflict mawala nato ang simbolo ato mabalik inyong panag-sood pinaagi atong ritwal sa tribu."*

Sa kabila ng kahalagahan ng ritwal na ito sa kanilang kultura, unti-unti na itong naapektuhan ng makabagong sistema ng hustisya. Ang pahayag ni Impormante 7: *"Sa karun man gud aduna natay gobyerno, dugay ang proseso para magkauli ang duha."*

Ipinakikita nito na mas matagal na ngayon ang proseso ng pakikipagkasundo dahil sa mga legal na pamamaraan. Gayunpaman, iginiit ni Impormante 8 na ang tradisyonal na ***amicable settlement*** ay patuloy pa ring ginagamit sa ilang kaso, kaya mahalagang panatilihin ang pagsunod sa batas ng tribu. *"Ang nindot dihaa mo subay sa balaod sa tribu."*

Ipinahayag ng mga impormante na bagaman may pagbabago sa paraan ng paglutas ng hidwaan sa kasalukuyang panahon, nananatili pa rin ang espiritu ng pakikipagkasundo bilang pundasyon ng kapayapaan sa kultura ng mga Blaan**.**

Sa pag-aaral nina Navarro at de Guzman (2021), ang **Sadyandi** o blood *compact* ay isang mahalagang ritwal sa mga katutubong pamayanan na ginagamit upang maibalik ang kapayapaan at tiyakin ang pangmatagalang kasunduan sa pagitan ng mga nagkaroon ng hidwaan. Ayon naman kay Durkheim (2021), ang mga ritwal ay hindi lamang isang panrelihiyong gawain kundi isang mekanismo ng lipunan upang mapanatili ang kaayusan at pagkakaisa sa isang komunidad. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Ramirez at Lopez (2022) na ang ganitong ritwal ay hindi lamang isang simbolo ng pagkakasundo kundi isang espiritwal na proseso na nagpapakita ng paniniwala ng mga katutubo sa sagradong kapangyarihan ng dugo bilang tagapagpatibay ng kasunduan.

**Ritwal sa Pagpaparusa ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province**

Ang mga Blaan ay may sariling sistema ng hustisya na nakaugat sa kanilang kultura, paniniwala, at tradisyon. Sa halip na gumamit ng pormal na batas ng pamahalaan, sinusunod nila ang kanilang **ritwal sa pagpaparusa** upang mapanatili ang kaayusan at disiplina sa kanilang komunidad. Sa Pangyan, Sarangani Province, ang ritwal na ito ay mahalagang mekanismo ng tribo upang ituwid ang maling gawain, mabigyan ng hustisya ang mga biktima, at maibalik ang balanse sa lipunan. Karaniwang pinamumunuan ito ng **Fulong** (lider ng tribo) o mga **Datu**, na siyang nagpapasya kung anong parusa ang ipapataw batay sa bigat ng kasalanan.

Matutunghayan naman sa Talahanayan 3 ang ritwal sa pagpaparusa ng mga Blaan sa Pangyan, Saranggani, Povince.

Talahanayan 3. Ritwal sa Pakikipagkasundo ng mga Blaan sa Pangyan, Saranganin Province

| Ritwal | Tiyak na Ritwal |
|---|---|
| Pagpaparusa | Sulif |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

**Sulif**

Ang sistema ng hustisya ng mga Blaan ay hindi nakabatay sa pormal na batas ng pamahalaan kundi sa kanilang sariling paniniwala at tradisyon. Upang mapanatili ang kaayusan sa kanilang komunidad, may sinusunod silang mga ritwal sa pagpaparusa na nagsisilbing paraan ng paghahanap ng katotohanan at pagbibigay ng hustisya. Isa sa mga ritwal na ito ay ang **Sulif,** isang pagsubok na ginagawa sa mga taong pinaghihinalaang may kasalanan ngunit hindi umaamin. Sa halip na gamitin ang modernong paraan ng imbestigasyon, umaasa ang mga Blaan sa ritwal na ito upang tukuyin kung sino ang tunay na may sala, batay sa paniniwalang likas na puwersa ng kalikasan ang magpapakita ng katotohanan.

Sa proseso ng Sulif, ang mga pinaghihinalaang nagkasala ay kailangang ipasa ang matinding pagsubok. Ayon kay Impormante 9, kung may matinding kasalanan tulad ng pagnanakaw at walang umaamin, isinasagawa ang pagbabad ng kamay sa kumukulong tubig upang ipakita kung sino ang tunay na may sala:

*"Ang justice man gud anah ang mo hokom ang tubig… mag-ampo ug mag ingon nga 'Ginoo, ikaw may tag-iya sa tubig sa tanan, kining binukal na tubig karon hustisya nato."*

Ibig sabihin, ang walang kasalanan ay hindi mapapaso, habang ang may kasalanan ay masasaktan bilang tanda ng kanyang kasalanan. Bukod dito, ayon kay Impormante 3, may isa pang pamamaraan kung saan ang mga pinaghihinalaan ay pinapalubog sa tubig at ang unang lumitaw sa ibabaw ang siyang may sala. *"Sa ilalom sa tubig, ang una mo-tongha, mao nay sad-an."*

Ang ganitong ritwal ay nagpapakita ng paniniwala ng mga Blaan na ang kalikasan mismo—tubig o dagat—ang nagpapasya kung sino ang tunay na nagkasala.

Malaki ang papel ng mga matatanda at lider ng tribo sa pagsasagawa at pagpapanatili ng ritwal na ito. Ang pahayag ni Impormante 5: *"Sagrado man gud na, kaya ang mga katigulangan gyud ang naghahawak sa ritwal."*

Sinang-ayunan ito ni Impormante 9, na binigyan ng diin ang tungkulin ng mga nakatatanda bilang mga tagapag-ingat ng tradisyon: *"Sila'y magplano, sila'y magmugna, sila'y magtudlo sa kini na ritwal."*

Ipinakikita nito na ang **Sulif** ay hindi lamang isang ritwal ng hustisya kundi mahalagang bahagi ng kultura ng mga Blaan, na ipinapasa mula henerasyon hanggang henerasyon upang mapanatili ang moralidad at kaayusan sa kanilang komunidad.

Ayon sa pag-aaral nina Hassan at Rahim (2021), ang paggamit ng *trial by ordeal*, tulad ng pagpapalubog ng kamay sa kumukulong tubig, ay matagal nang bahagi ng tradisounal na hustisya sa ilang katutubong pamayanan, kung saan ang kalikasan mismo ang humahatol sa may sala. Samantala, binigyan ng diin nina Pritchard at Fortes (2019) na ang mga tribu ay may sariling sistema ng hustisya na nakabatay sa espiritwal na paniniwala at pisikal na pagsubok upang matukoy ang may kasalanan. Dagdag naman nina Smith at Brown (2021), **ang** modernisasyon ay

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

may direktang epekto sa pagbago ng mga tradisyonal na ritwal, kung saan unti-unting napapalitan ang mga ito ng mga sistemang legal na itinatag ng estado.

**Kalidad ng Nabuong Dula**

Mula sa mga natuklasang ritwal ng mga Blaan, ang mananaliksik ay bumuo ng isang dula na naglalayong ipakita at muling buhayin ang kanilang mayamang kultura, partikular ang kanilang mga tradisyonal na proseso sa pagsasaka, pakikipagkasundo, at pagpaparusa. Ang dulang ito ay maingat na isinulat batay sa aktuwal na datos mula sa panayam at obserbasyon upang matiyak ang katotohanan at pagiging tapat sa kultura ng mga Blaan. Upang mapanatili ang mataas na kalidad at bisa ng dula bilang representasyon ng kanilang ritwal, ito ay sumailalim sa masusing balidasyon sa tulong ng mga eksperto.

Matutunghayan sa Talahanayan 4 sa kasunod na pahina ang resulta ng balidasyon sa kalidad ng dula

**Talahanayan 4.** **Kalidad ng Nabuong Dula**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.42 | 0.51 | Napakabalido |
| Disenyo at Organisasyon | 4.42 | 0.45 | Napakabalido |
| Kalidad ng Teksto at Anyo | 4.25 | 0.53 | Napakabalido |
| Pagtatasa | 4.03 | 0.46 | Napakabalido |
| Kakayahang Mabasa | 4.71 | 0.43 | Napakabalido |
| Sanggunian at Pinagmulan | 4.50 | 0.37 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | **4.39** | **0.46** | **Napakabalido** |

Batay sa Talahanayan 4, ang kabuoang kalidad ng dula ay may *mean* na 4.39 at *standard deviation* na 0.46, na nagpapakita ng napakataas na antas ng bisa. Ang bawat domeyn, nilalaman (M=4.42, SD=0.51), disenyo at organisasyon (M=4.42, SD=0.45), kalidad ng teksto at anyo (M=4.25, SD=0.53), pagtatasa (M=4.03, SD=0.46), kakayahang mabasa (M=4.71, SD=0.43), at sanggunian at pinagmulan (M=4.50, SD=0.37), ay nakapagtamo ng deskriptibong antas nanapakabalido.

Batay sa resulta, ang dula ay may napakataas na antas ng bisa, na nagpakikita ng maayos na nilalaman, organisasyon, at kalidad ng teksto. Madaling maunawaan at maipatupad ito, kaya nagiging epektibong midyum sa pagpapakita ng ritwal ng mga Blaan. Bukod dito, sinigurado rin ang pagiging makatotohanan ng dula sa pamamagitan ng matibay na batayan mula sa ritwal ng tribo.

Ayon kay Bruner (2020), ang epektibong dula ay dapat magkaroon ng malinaw na estruktura, may lohikal na daloy, at madaling maunawaan ng mga mag-aaral upang mapadali ang kanilang pagkatuto. Samantala, ayon kay Dewey (2020), ang mahusay na pagkakadisenyo ng isang dula ay dapat tumugon sa pangangailangang pang-edukasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malinaw na estruktura at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga eksena.

**Pagtanggap ng Nabuong Dula**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Matapos matukoy ang antas ng balidasyon ng dula, isinagawa naman ang pagsusuri sa antas ng pagtanggap mula sa mga dalubhasa upang matiyak ang pagiging epektibo at angkop nito bilang isang midyum ng pagpapahayag ng kultura ng mga Blaan. Sa pamamagitan ng masusing ebalwasyon, sinuri ng mga eksperto ang iba't ibang aspekto ng dula, kabilang ang nilalaman, kalinawan, panghikayat sa target na gagamit, at orihinalidad upang matiyak na ito ay tumutugma sa tunay na diwa ng ritwal at tradisyon ng tribo.

Matutunghayan sa Talahanayan 5 sa ibaba ang resulta ng balidasyon sa pagtanggap ng dula

**Talahanayan 5.** **Antas ng Patanggap ng Nabuong Dula**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.80 | 0.34 | Napakabalido |
| Kalinawan | 4.83 | 0.31 | Napakabalido |
| Panghikayat sa Target na Gagamit | 4.80 | 0.34 | Napakabalido |
| Orihinalidad | 4.83 | 0.32 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | **4.82** | **0.33** | **Napakabalido** |

Batay sa Talahanayan 5, ipinapakita ang antas ng pagtanggap ng dula sa iba't ibang domeyn. Ang **nilalaman** ay may *(M=4.80, SD=0.34)*, samantalang ang **kalinawan** ay may *(M=4.83, SD=0.31)*. Ang **panghikayat sa target na gagamit** ay may *(M=4.80, SD=0.34)*, habang ang **orihinalidad** ay may *(M=4.83, SD=0.32)*. Sa pangkalahatan, nakakuha ang dula ng *(M=4.82, SD=0.33)*, na lahat ay may deskriptibong antas na *napakabalido.*

Ipinapakita ng resulta na mataas ang antas ng pagtanggap ng dula sa lahat ng domeyn, na nagpapahiwatig ng kahusayan nito sa nilalaman, kalinawan, panghikayat, at orihinalidad. Ang mataas na mean scores ay nagpapakita ng positibong pagsusuri mula sa mga tagasuri, na nangangahulugang epektibo at kapani-paniwala ang dula para sa target na gagamit.

Ayon kay Johnson (2021), ang epektibong pagtatasa ng isang akdang pampanitikan ay nakabatay sa kung paano ito tinatanggap ng mga mambabasa o manonood. Kaugnay nito, binigyan ng diin nina Martinez at Lee (2022) na ang bisa ng isang dula ay makikita sa interaksiyon ng teksto at ng tagapanood, kung saan ang kanilang interpretasyon at tugon ay naging mahalagang batayan ng pagtatasa. Samakatuwid, ang mataas na *mean* na natamo sa pagsusuri ay nagpapahiwatig ng positibong pagtanggap mula sa mga tagasuri at patunay ng bisa ng dula bilang isang epektibong midyum sa pagpahahayag ng kultura at tradisyon ng mga Blaan.

## Diskusyon

Ang pag-aaral na ito ay nilalayong matukoy at masusing masuri ang mga ritwal ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province, gamit ang descriptive-qualitative na pamamaraan. Sinuri ang mga nakalap na impormasyon upang malaman at maunawaan ang mga ritwal na ito gayunman sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

pagsasagawa nito bilang bahagi sa kanilang kultura, paniniwala, at pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang Damso ay mahalagang ritwal ng mga Blaan sa Pangyan, Sarangani Province, na isinasagawa sa pagtatanim upang matiyak ang masaganang ani at proteksiyon ng pananim. Sa pamamagitan ng pag-aalay sa bagnot at paglilibing ng butil, pinaniniwalaan nilang mapananatili ang balanse sa kalikasan. Bagamat napatunayang nakatulong ito sa kanilang pagsasaka, unti-unti na itong nawawala dahil sa modernisasyon. Gayunpaman, nananatili itong mahalagang bahagi ng kanilang kultura at espiritwal na pamumuhay.

Samantala, ang Sadyandi ay mahalaga rin bilang ritwal sa pakikipagkasundo ng mga Blaan sa nabanggit na lugar na isinasagawa upang mawakasan ang hidwaan sa pagitan ng dalawang panig. Sa pamamagitan ng pag-aalay ng dugo at bayad-pinsala tulad ng Agong at Kmageh, pinagtitibay ang kasunduan at naiiwasan ang matagalang alitan. Pinatunayan ng mga impormante na ang ritwal na ito ay epektibo sa pagpapanumbalik ng kapayapaan sa komunidad, bagaman unti-unti na itong naapektuhan ng makabagong sistema ng hustisya. Gayunpaman, nananatili ang kahalagahan ng Sadyandi bilang isang espiritwal at panlipunang proseso na nagpatitibay ng kultura ng pagkakasundo at pagkakaisa sa tribu.

Sa kabilang banda, ang Sulif ay isang tradisyonal na ritwal ng hustisya ng mga Blaan na ginagamit upang tukuyin ang may sala sa pamamagitan ng pagsubok sa pisikal na pagtitiis, tulad ng pagbababad ng kamay sa kumukulong tubig o paglulubog sa tubig. Naniniwala silang ang kalikasan mismo ang magpapasya kung sino ang tunay na nagkasala, kaya ang ritwal na ito ay itinuturing na sagrado at pinangungunahan ng mga nakatatanda ng tribo. Bagamat epektibo sa kanilang pamayanan, unti-unti na itong naapektuhan ng makabagong sistema ng hustisya. Gayunpaman, ang Sulif ay nananatiling mahalagang bahagi ng kanilang kultura, na nagsisilbing tagapagpatibay ng moralidad at kaayusan sa kanilang komunidad.

Mula sa mga natuklasan ay binuo ang dula ng mananaliksik at isinagawa ang pagsusuri sa kalidad nito at lumabas na napakataas na antas ng bisa nito, na nagpakikita ng maayos na nilalaman, organisasyon, at kalidad ng teksto. Madaling maunawaan at ipatupad ito, kaya nagiging epektibong midyum sa pagpapakita ng ritwal ng mga Blaan. Bukod dito, tiniyak ang katumpakan at pagiging makatotohanan ng dula sa pamamagitan ng matibay na batayan mula sa aktuwal na ritwal ng tribo, na nagpapalalim sa pagpapahalaga sa kanilang kultura.

Ipinakikita naman ng resulta na ang dula ay may mataas na antas ng pagtanggap sa lahat ng domeyn, na nagpatutunay ng kahusayan nito sa nilalaman, kalinawan, panghikayat, at orihinalidad. Ang positibong pagsusuri mula sa mga tagasuri ay nagpahihiwatig na epektibo at kapani-paniwala ang dula bilang midyum ng pagpapahayag ng ritwal ng mga Blaan. Sa kabuoan, ang mataas na antas ng pagtanggap ay patunay ng kalidad at bisa ng dula para sa target na gagamit.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, ang mga  sumunod na konklusyon ay nabuo ng mananaliksik.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Ang ritwal sa pagsasaka ng mga Blaan ay mahalagang bahagi ng kanilang kultura na nagpapakita ng kanilang espiritwal na koneksiyon sa kalikasan. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga ritwal na ito ay may malalim na kahulugan, hindi lamang bilang paniniwala kundi bilang praktikal na hakbang sa pagtiyak ng masaganang ani. Batay sa mga natuklasan, patuloy pa ring isinasagawa ng ilang nakatatanda ang ritwal, subalit unti-unting nababawasan ang ganitong mga gawain sa bagong henerasyon. Dapat magkaroon ng masusing dokumentasyon at pagsasama ng mga ritwal sa pagsasaka sa mga lokal na kurikulum o programa upang mapanatili ang kaalaman at pagpapahalaga ng kabataan sa ganitong tradisyon.

Samantala, ang ritwal sa pakikipagkasundo ay natatanging mekanismo ng mga Blaan sa pagpapanatili ng kapayapaan sa kanilang komunidad. Ipinakita ng pag-aaral na ang ritwal na ito ay epektibong ginagamit noon sa pagsasaayos ng alitan, lalo na sa pagitan ng pamilya at tribu. Gayunpaman, sa kasalukuyan, unti-unti itong napapalitan ng makabagong pamamaraan ng resolusyon ng hidwaan, na naaayon sa batas ng pamahalaan. Upang mapanatili ang kahalagahan ng tradisyonal na kasunduan, iminumungkahi ang pagpalalakas ng edukasyong pangkultura sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga nakababatang lider at pagdodokumento ng mga tradisyonal na kasunduan ng mga Blaan.

Ang ritwal sa pagpaparusa ay nagpakikita ng konsepto ng hustisya sa kulturang Blaan. Natuklasan sa pag-aaral na bagaman ito ay mahalagang bahagi ng kanilang nakagisnang sistema, marami na ang hindi gumagamit nito dahil sa impluwensiya ng modernong batas. Bagaman may mga pangkat na naniniwala pa rin sa bisa ng ganitong sistema, mas pinipili na ngayon ng karamihan ang mga pormal na paraan ng paglutas ng mga kaso. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng balanseng pag-unawa sa pagitan ng tradisyonal at makabagong batas upang mapanatili ang kultural na identidad ng tribu habang isinasaalang-alang ang karapatang pantao at legalidad ng mga pamamaraan ng hustisya.

Ang kalidad ng dulang binuo mula sa mga ritwal ng mga Blaan ay nakatanggap ng positibong pagsusuri mula sa mga eksperto. Ipinakita ng resulta na may mataas na kalidad sa aspeto ng disenyo, organisasyon, at kakayahang mabasa, na nangangahulugang epektibo itong pantulong sa pagtuturo at pagpapakilala ng kulturang Blaan. Gayunpaman, may ilang aspekto tulad ng pagpapaunlad ng mga pagsasanay at pagbibigay ng mas detalyadong gabay sa pagsasagawa nito na maaaring higit pang pagbutihin. Dahil dito, kailangan ang patuloy na rebisyon at pagpapayaman ng nilalaman ng dula batay sa fidbak ng mga guro at mag-aaral upang higit pang mapataas ang kalidad nito bilang pantulong na materyal sa edukasyon.

Ikinasisiya ng mga guro ang dulang nabuo dahil nakitaan ng pagpapahalaga sa kultura ng mga Blaan.

## Mga Sanggunian

Ashcroft, B., Griffiths, G., at Tiffin, H. (2018). *Post-colonial studies: The key concepts* (3rd ed.). Routledge.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 113-128

Bruner, J. (2020). *The process of education and dramatic storytelling*. Harvard University Press.

De la Cruz, M. (2020). *Ang ritwal at kulturang filipino: isang pag-aaral*. Manila: University Press.

Dewey, J. (2020). *Experience and education in dramatic learning*. Columbia University Press.

Durkheim, É. (2021). *The role of rituals in social cohesion*. Princeton University Press.

Flores, C. (2019). *Mga* ritwal ng mga katutubo: dokumentasyon at pananaliksik. *Philippine Social Science Review*, 71(4), 123-139.

Gonzales, R., & Lim, D. (2021). *Indigenous agricultural rituals and spiritual beliefs: A study on Blaan farming traditions. Journal of Southeast Asian Anthropology*, *25*(3), 112–130.

**Hall, S. (1997).** *Representation: Cultural Representations and Signifying Practices*. Sage Publications.

Harrison, J. (2020). *Rituals and Performance in Contemporary Theater*. Oxford University Press.

**Hassan, A., & Rahim, M. (2021).** *The Role of trial by ordeal in traditional justice systems: An analysis of indigenous communities' practices. Journal of Indigenous Legal Systems*, 18(2), 134-148.

Johnson, L. (2021). Effective literary analysis: The role of treader and audience reception. *Journal of Literary Studies*, 29(1), 45-56.

**Johnson, R. B., Onwuegbuzie, A. J., & Turner, L. A. (2020***).* *Toward a definition of mixed methods research. Journal of Mixed Methods Research*, 4(2), 112-130.

**Jones, A., & Patel, R. (2020).** *Traditional rituals in the age of technology and globalization. Journal of Cultural Studies,* 45(3), 134-150.

Liberman, Z., Kinzler, K. D., at Woodward, A. L. (2018). The early social significance of rituals. *Journal of Cognition and Development*, 19(2), 1-17.

Martinez, J., & Lee, S. (2022). Analyzing the impact of audience interaction on the effectiveness of plays. *Theatre and Performance Studies Review*, 15(3), 112-124.

**Mendoza, L. (2022).** *Challenges in documenting traditional practices: Impacts on youth and research. Philippine Journal of Cultural Heritage*, 18(1), 45-59.

Mitchell, R., at Roberts, S. (2020). *Symbolism in ritual and its impact on audience experience*. Cambridge University Press.

Navarro, J., & de Guzman, R. (2021). *Blood compact rituals and peace agreements among indigenous communities: An ethnographic study*. Journal of Indigenous Traditions, *26*(3), 145–162.

**Patton, M. Q., & Ravitch, S. M. (2023).** *Qualitative Research and Methods: Understanding Participant Perspectives and Insights*. Sage Publications.

Perez, A. (2020). *Exploring indigenous rituals in community cohesion: a study on traditional practices in agrarian societies*. *Journal of Cultural Heritage and Community Studies*, 12(3), 45-60.

Pritchard, E. E., & Fortes, M. (2019). *African and southeast asian tribal justice systems*. Cambridge University Press.

Ramirez, M., & Lopez, C. (2022). *Sacred bonds: The role of blood rituals in conflict resolution among tribal societies. Philippine Journal of Cultural Anthropology*, *20*(2), 87–103.

Santos, M. (2021). Blood compact rituals in palawan and mindanao: Traditions of loyalty and love. *Southern Philippines Journal of Anthropology*, 10(4), 143-159.

Santos, M., at Rivera, J. (2021). *Cultural rituals and justice in the Cordillera: Traditions of the Philippine indigenous communities*. Baguio: Cordillera Studies Press.

**Schechner, R. (2003).** *Performance Theory* (2nd ed.). Routledge.

Smith, J. (2019). *Rituals in the modern world: a global perspective*. New York: Global Publishing House.

Smith, J., & Brown, R. (2021). *Modernization and the decline of traditional rituals*. Oxford University Press.

**Society for Ritual Arts. (2020).** *Exploring the Innovative Structures of Drama Based on Ritual: Gaps in Current Research. Journal of Cultural Rituals and Performance*, 12(3), 134-150.Anderson (2021)

Torres, L. (2018). Paglimot sa ritwal: mga hamon ng modernisasyon. *Journal of Cultural Studies*, 25(3), 45-58.

Torres, M., & Delgado, P. (2022). *The role of rituals in indigenous farming practices: Cultural sustainability among ethnic communities. Philippine Journal of Ethnographic Studies*, *19*(2), 89–105.

**Williams, S. P. (2021).** *Effective R&D design and its contribution to industry and community development. Journal of Research and Development*, 35(4), 210-225.